

PIGILAN ANG PAGLAGANAP NG DENGUE SA KOMUNIDAD!

ANO ANG DENGUE?

- Ang DENGUE ay isang sakit na kinakalat ng isang uri ng lamok, ang *Aedes aegypti*
- Ang *Aedes aegypti* ay kadalasan nangangagat sa umaga; nangingitlog sa malinaw na tubig tulad ng makikita sa flower vases at naiipong tubig-ulan sa gulong o basyong lata. Ang mga lamok ay karaniwang naglalagi sa madidilim na lugar ng bahay.

SINTOMAS NG DENGUE

- Biglaang pagkakaroon ng mataas na lagnat na tumatagal ng dalawa hanggang pitong araw.
- Masakit na kalamnan, kasukuan, at ng likod ng mata.
- Panghihina.
- Namumulang mga butlig o maliliit na patse sa balat.
- Pagdurugo ng ilong kapag nagsimulang bumaba ang lagnat.
- Sakit ng tiyan
- Sukang kulay kape
- Maitim na dumi.

PAG-IWAS SA PASKALAT NG DENGUE

- Takpan ang drum o baldeng pinag-iipunan ng tubig upang hindi pangitlogan ng lamok.
- Palitan ang tubig sa flower vases minsan sa isang linggo.
- Linisin lahat ng lalagyan ng tubig minsan sa isang linggo. Kuskusing mabuti ang mga gilid nito upang maalis ang mga nakadikit na itlog ng lamok.
- Tanggalin ang mga dahon at dumi na naiipon sa alulod o gutter ng bahay upang maiwasan maipon ang tubig ulan dito na maaaring pangitlogan ng lamok.
- Butasin ang mga lumang gulong na ginagamit bilang suporta ng bubong upang maiwasan ang pagtipon ng tubig.
- Ipunin at maayos na itapon ang lahat ng hindi na ginagamit na basyo ng lata, bote, garapon at iba pang bagay na maaaring malagyan ng tubig.

